ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# MORPO-ANALISIS NG WIKANG GEN Z

**Marjorie C. Adobas[1], Conie G. Aguilar[2], Realyn D. Mendoza[3]**
[1]*Bato Institute of Science & Technology, Dolho, Bato Leyte*
[2]*Easter Faith Christian School, San Isidro, Tomas Oppus, Southern Leyte*

## ABSTRACT

*The purpose of the study is to identify and analyzing GenZ languages in word forms, morpheme forms, and part of speech. A survey was employed as a study technique. The participants are from the Bato Institute of Science and Technology, Inc., a private college in Dolho, Bato, Leyte. Students from colleges and senior high schools were the respondents of the study. The researchers created a wordlist and conducted an interview as part of their investigation. Prior to determining the structure inside the gathered GenZ languages, the researchers conducted a meaning analysis of each language. To further elucidate the meaning applied by the researchers, a Focus Group Discussion (FGD) was then held with a small number of participants. It was found that there are two types of morphemes: independent and non-independent. There are three word structures in the GenZ language: simple, suffix, and compound. In addition, there are four parts of speech in GenZ. It is the adjective, adverb, verb, and noun. The analysis's conclusion shows that one of language's key features is dynamism, or change. In this case, the language instructor's job is to help his students understand when and how to use certain words. Teachers must instruct their children on how to use it responsibly and with control, even if it keeps spreading. This indicates that friends, social media, technology, and celebrity idols have a significant impact on how GenZ uses language. Based on societal influence, it appears that the evolution of words is continuously continuing. It was demonstrated in this study that GenZers are able to construct a GenZ language that can only be spoken by them. Certain terms only appear in a particular group of people. In order for the majority to fully understand the Gen Z language, it is imperative that you persist in studying its linguistic structure or metamorphosis.*

**KEYWORDS:** *GenZers; metamorphosis; morphemes; simple; suffix;*

## 1.0 RASYONALE

Bukambibig ng mga Kabataan sa kasalukuyang ang mga salitang petmalu, sakalam, forda ferson , imoji, estitek , at marami pang iba. Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita na ang pagbabago ng mundo ay may malaking impluwensiya sa pagsasalita ng mga kabataan. Sa mga pagbabagong nagaganap sa mundong pakikipagtalastasan, iba't ibang anyong salita ang nabubuo at napayayabong.

Ang pag-aaral sa morpolohiya ng isang wika ay nakatutulong upang lalong maunawaan ang katangian at kalikasan nito tulad ng mga salitang trending ngayon ang wikang GenZ. Ayon nina Miole, Madera at Joseph (2024) at Borong (2019), ang morpolohiya ay pag-aaral ng mga makabuluhang yunit ng salita ng isang wika. Ang wika ay may kanya-kanyang kakayahan, may sariling kakayahan at may sariling sistema. Sa pagkakaroon ng iba't ibang linggwahe ng mga Filipino hindi natin maitatangi na humaharap tayo mula noon hanggang ngayon ng isang malaking hamon sa pagpapayaman ng wikang Pambansa (Noval, 2021). Sa pagdaan ng panahon hindi lamang ang pananamit, pamumuhay at istilo ng buhay ang nagbabago. Nagbabago rin ang pagsasalita na itinuturing itong isang hadlang sa pagpapayaman ng wika kung saan laganap ang mga wikang GenZ sa kasalukuyan tulad ng tadbaliks at initial na texting language.

Ang pamamaraan ng komunikasyon ay sumasabay sa pagbabago ng panahon. Binibigyang-buhay ng komunikasyon ang pagyabong ng kultura, lipunan lalo na ng wika. Sa patuloy nitong pagbabago, umuusbong ang mga salita na tangi sa isang pangkat ng tao. Ang dimensiyong sosyal ang nagbubunsod sa pagkakaroon ng mga register, jargon,o sosyal na varayti tulad ng wika ng bakla (gaylingo), wika ng LGBTQ+, wika ng kabataan, wika ng mag-aaral, wika ng kababaihan, register ng guro, wika ng isports, at iba pa. Pinapatunayan nito na ang wikang pantao ay isang arbitratryo. Gayundin, ito ay buhay dahil sa pagbabanyuhay ng mga salita. Tulad ng isang ilog, sumasabay ito sa agos ng pagbabago sa ating lipunan, positibo o negatibo mang manipestasyon (Gime at Macascas, 2020). Ang mabilis na pagdaan ng taon kasabay nito ang pag-unlad ng mundo at naging kaakibat na natin ang teknolohiya na kung saan namanipula na nito ang ating mga buhay hindi lamang sa mga kasangkapan kundi pati narin ang ating mga wikang ginagamit.

Ayon kay Gorumba (2021), ang mga morpemang panlapi ay ikinakabit sa salitang-ugat na may kahulugang taglay. Ang isang salitang-ugat ay mga salitang nagtataglay ng kahulugan kahit hindi nilalapian. Sa pag-aaral ni Oreiro (2016), na pinamagatang "Study of the affixes and morphophonic changes in Itawit noun and adjectives,' na ang wikang Itawit ay gumagamit ng iba't ibang panlapi sa pagbuo ng salita na katulad ng ibang wika sa mundo. Ipinahiwatig lamang na ang bawat wika ay may kanya-kanyang katangian.

Mula sa mga nailahad na mga mananaliksik ito ang nakapag-udyok ng mga mananaliksik na bumuo ng pag-aaral na isang morpo-analisis sa mga wika ng mga GenZers. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay malaking kontribusyon sa mga mag-aaral at sa mga guro sapagkat ito'y nakakatulong upang tayo'y makasabay at maging updated tayo sa mga ginagamit na terminolohiya ng mga GenZers higit sa makilala at masuri katangian mayroon nito. Umaasa ang mga mananaliksik na ang naging resulta nito ay makatulong sa mga guro bilang batayan sa pagtuturo kung ang paksa ay tungkol sa morpolohiya.

**Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng pag-aaral ay makilala at masuri ang mga wikang GenZ sa mga sumusunod:
1. pagpapakahulugan;
2. anyo ng morpema;
3. anyo ng salita; at
4. bahagi ng pananalita.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## 2.0 KONSEPTUWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla o nakabatay sa pahayag ni Bacalla (2020), na nagsabing ang wika ay patuloy na nagbabago dahil sa modenisasyon. Pinaniniwalaan na ang wika ay hindi isang simpleng instrumento ng komunikasyon na ginagamit ng indibidwal. Ang iba't ibang paraan ng pagsasabi ng isang bagay ay maaaring makita sa lebel ng grammar, sa varayti ng wika, sa iba't ibang estilo, diyalekto at rehistro ng wika na gamit ng bawat indibidwal na tagapagsalita sa iba't ibang lugar at panahon. Ang makabagong teknolohiya ay isinama sa wika, ang mga tiyak na pagbabago ay maaaring apektado ang pag-unawa habang nag-uusap. Sa mabilis na komunikasyon, madalas na gustong paikliin ng mga tao ang salita (Ugli (2020).

Binanggit nina Borong at Yamson (2023), na sa pamamagitan ng teknolohiya ng impormasyon, madaling ma-access ng mga mag-aaral ang isa't isa kapag madalas na nakikipag-usap. Alam ng lahat na hindi kayang mapipigilan ng tao ang mabilis na bilis ng pagbabago na tinatanggap ng mga kabataan ngayon. Tulad ng paggamit ng mga wikang GenZ mapapansin na sa loob ng paaralan ay napakadalas itong ginagamit sa maraming social media platforms tulad ng Facebook, kung saan ang mga user, hindi lamang mga mag-aaral kundi pati na rin ang mga propesyonal ay mabilis na nakikibagay. Gayunpaman, ito ay naging uso ngayon sa mga nakababatang henerasyon.

Ang paggamit ng mga wikang GenZ, ay malaking posibilidad na kapag nagsusulat ay tiyak na nakaimpluwensya sa kanilang pormal na pagsulat. Nangangahulugan lamang na dapat bigyang-diin ng bawat guro kung kailan ito gamitin sa mga akdemikong pagsusulat at ano ang kahalagahan ng pagsunod ng paggamit angkop na salita lalo na sa pormal na sulatin.

Ang wikang Filipino ay lumalawak sa paglipas ng panahon . Sinasabing patay ang wika kung walang pagbabago itong tinatanggap. Marami ng pagbabago ang nangyari sa wikang ito dahil sa impluwensiya ng net lingo mula sa mga salitang nabuo ng iba't ibang henerasyon. Mula sa mga wikang Kastila, Ingles at iba pang wika na nagmula sa banyaga, ito ay naging bahagi ng ating pakikipagtalastasn at hanggang sa ngayong panahon ng milinyal, mas maraming salita ang napadagdag sa diskyunaryong Filipino ang napabilang sa talasalitaan (Espinosa, 2019).

Sa pag-aaral na ito, ang mga wika GenZ ay sinuri ng mga mananaliksik ang estruktura nito partikular sa malayang morpema, ang anyo o kayarian nito at nasa anong bahagi ng pananalita napabilang ang mga wikang ito. Ang mga nalikom na wika ay bumuo ang mga mananaliksik na isang polyeto na isang kalipunan ng wikang GenZ at istruktura nito. Hangarin ng mga mananaliksik sa nabuong awtput ay maibahagi ng mga guro bilang suplementaryong materyal kapay ang paksa ay tungkol sa balbal partikular sa kompetensi na F7WG-1la-b-7 at morpolohiya.

## 3.0 METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Survey ang ginamit bilang paraan ng pananaliksik. Ang mga nakuhang katawagan o terminolohiya ay inalisa sa esktruktura ng wika partikular sa uri ng morpmena, anyo o kayarian ng salita at bahagi ng pananalita. Mula sa isang pribadong kolehiyo, ang Bato Institute of Science and Technology, Inc. na matatagpuan sa Dolho, Bato, Leyte nagmula ang mga kalahok sa pag-aaral naito. Ang mga kalahok ay mga mag-aaral sa Senior Highschool at kolehiyo. Isang interbyu o pakikipanayam at wordlist ang inihanda ng mga mananaliksik bilang instrumento ng pag-aaral. Bukod sa interbyu at wordlist, iniobserbahan din ng mga mananaliksik ang mga mag-aaral sa kanilang mga salitang ginamit sa tuwing nakipag-usap sila sa kanilang mga kaklase sa kantina, sa loob ng paaralan at sa mga isinigawang pagtitipon sa paaralan.

Sa pagkilala sa estruktura sa mga nakalap na wikang GenZ, inaanalisa muna ng mga mananaliksik ang bawat wika at nilagyan ng kahulugan. Pagkatapos nagsagawa ang mga mananaliksik ng Focus Group Discussion (FGD) sa iilang mga kalahok para ibalida ang kahulugang inilapat ng mga mananaliksik. Para naman sa estruktura ng wika, kumuha ang mga mananaliksik ng tatlong eskperto na guro sa Filipino na nagtuturo sa kolehiyo ng morpolohiya na may lampas limang taon na ang karanasan sa pagtuturo. Pinawasto sa mga eskperto ang nabuong resulta ng mga mananaliksik.

## 4.0 RESULTA NG PAG-AARAL

Inilahad sa bahaging ito ang resulta ng pag-aaral. Batay sa pagsusuri binigyang-diin ng mga mananaliksik ang morpo-analisis ng wikang GenZ'ng nakalap. Ang mga wikang GenZ na makikita sa Talahanayan 1 ay iilan lamang sa mga nakalap na wika mula sa mga kalahok.

**Talahanayan 1: Estruktura ng Wikang GenZ**

| Wikang GenZ | Pagpapakahulugan | Anyo ng Morpema | | Kayarian ng Salita | Bahagi ng Pananalita |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Malaya | Di-Malaya | | |
| afam | lalaking amerikano na nakapag-asawa o nakapagnobyo ng pilipina. | afams | - | payak | pangngalan |
| bes | matalik na kaibigan. | bes | - | payak | pangngalan |
| chaka | pangit | chaka | - | payak | pang-uri |
| check | tama | check | - | payak | Pang-abay |
| disney princes | isang magandang babae. | disney princes | - | tambalan | pangngalan |
| dogshow | pagkahuwad sa katotohanan. | dog show | - | tambalan | pang-uri |
| erpob | isang mahirap | erpob | - | payak | pang-uri |
| estitik | pagkamaayos | estitik | - | payak | pang-uri |
| fam | buong pamilya o pamilya | fam | - | payak | pangngalan |
| fatherland | tatay o ama | father land | - | tambalan | pangngalan |
| fes | mukha | fes | - | payak | pangngalan |
| ge | nangangahulugan itong sige o pagsang-ayon | ge | - | payak | pang-abay |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| imal | inaliktad ang salitang *lami* na nangangahulugang masarap | imal | - | payak | pang-uri |
| legit | totoo o orihinal. | liget | - | payak | pang-uri |
| lezzgo | mula sa salitang english na "let's go" | lezz go | - | tambalan | pandiwa |
| lowbat | pagod | low bat | - | tambalan | pang-uri |
| mamala | kombinasyon ng mama at lola | mama la | - | tambalan | pangngalan |
| mudra | nangangahulugan na ina. | mudra | - | payak | pangngalan |
| nosebleed | isang exam napakahiram sagutin | nose bleed | - | tambalan | pang-uri |
| nota | ari ng lalaki | nota | - | payak | pangngalan |
| pabebe | pacute o pasipsip | bebe | pa- | maylapi | pandiwa |
| papalo | kombinasyon ng papa at lolo | papa lo | - | tambalan | pangngalan |
| shufa | ngangahulugang magandang babae | shufa | - | payak | pang-uri |
| sissy | kapatid na babae | sis | -sy | maylapi | pangngalan |
| takirub | binaliktad ang salitang burikat | takirub | - | payak | pangngalan |
| toxic | hindi kasiya-siya na tao | toxic | - | Payak | pang-uri |
| yummy | masarap | yummy | - | payak | pang-uri |

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita na ang mga wikang GenZ ay nagtataglay ng malayang morpema at di-malayang morpema. Ang malayang morpema na tinatawag na salitang-ugat at di-malayang morpema na tinatawag na panlapi. May mga salitang maaring bigkasing mag-isa at di laging nakadikit sa iba pang morpema. May mga morpema ring tinatawag na di-malaya dahil nakakabit sa ibang morpema. Tinatawag na 'affix' o panlapi ang mga morpemang nakakabit sa malayang morpema.

Mapapansin na ang panlaping natuklasan sa wikang GenZ ay may kakaibang katangian. Kakaibang katangian dahil ayon kay Taculog (2019) ang mga halimbawa ng panlapi ay panlaping mag, nag, pag, hin, han, um, in,an, i, at marami pang iba. Sa natuklasan ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ang panlaping *pa-* at *-sy* ang ikinabit sa mga salitang-ugat. Ang *pa-* ay unlaping ikinabit sa salitang *bebe.* Ang salitang-ugat na *bebe* ay nangangahulugan na *bata pa* o *paslit*, nang kinabitan ng panlaping *pa-* nabago ang kahulugan nito, naging *nagpacute* o *nagpasipsip.* Ganoon din ang salitang *sissy* mula sa salita *sis* na ibig sabihin kapatid na babae at kinabitan ng panlaping *-sy* na nanatili parin ang kahulugan na *kapatid na babae.* Pero ayon sa mga kalahok hindi lahat na *sissy* ay nangangahulugan *kapatid na babae,* ang matalik na kaibigan na babae ay pwedeng *sissy* ang itawag sa kanyang kaibigan.

Sa aklat nina Amat, Balunsay, Calibayan, Borong, et al. (2023), may apat na kayarian ang salita. Ito ay ang **payak**, **maylapi**, **inuulit** at **tambalan**. Sa pag-aaral na ito nakikitaan ng may tatlong anyo o kayarian na salita ang wikang GenZ, ito ay ang payak, maylapi at tambalan. Ang payak na salita ay binubuo lamang ng salitang-ugat. Ang salitang-ugat ay batayang salita ng iba pang pinahabang mga salita. Ang wikang GenZ na *toxic, nota, yummy, shufa, istitik, ge,* at marami pa ay ilang sa mga halimbawang payak na salita na makikita sa talahanayan.

Ang salitang maylapi naman ay mga salitang binubuo ng salitang-ugat at mga panlapi. Ang mga panlapi ay mga katagang idinaragdag sa unahan, sa gitna, o sa hulihan ng salitang-ugat. Ang wikang GenZ na *pabebe* ay may salitang-ugat na *bebe* at inuunlapian ng *pa-*. Ganoon din ang salitang *sissy* na may salitang-ugat na *sis* at hinulapian ng *-sy.* Sa mga nakalap na wikang GenZ limitado lamang ang mga salitang maylapi, katunayan may dalawang salita lamang na napabilang sa maylapi.

At ang pangatlong kayarian ay tambalan. Ang tambalan ay mga salitang binubuo ng dalawang magkaibang salitang pinagsama upang makabuo ng bagong salita. Ang mga halimbawang tambalan ng wikang GenZ ay *disneyprinces, dogshow, fatherland, lessgo, lowbat, mamala, papalo* at *nosebleed.* Ipinakita sa ilang mga halimbawang tambalang salita, ang paraan ng pagkalikha ng salita ay *blending.* Ang *blending* ay tinatawag din itong paghahalo. Ito ay ang paraan ng pagkalikha ng salita, sa paraan ng pagbabawas at pagtatambal ng mga salita. Pinapaiksi nito ang salita dahil binabawasan ang mga letra ng isang salita at itinatambal ito sa ibang salita upang makabuo ng bagong salita.Tulad ng salitang *papalo* na ang salitang *papa* na ibig sabihin *itay* at *lo* na pinaikli mula sa salitang *lolo* na pinag-isa nangangahulugan *tatay na bata pa na naging lolo na.* Ayon sa mga kalahok ang *papalo* ay ginamit sa mga tatay na hindi pa tanggap na naging lolo o matanda na sila, ganoon din ang salitang *mamala* na mula sa salita *mama* at pinaikli na *lola.*

Ipinakita rin sa talahanayan na may apat na bahagi ng pananalita ang wikang GenZ. Ito ay ang pangngalan, pandiwa, pang-uri at pang-abay. Ang mga GenZ'ng napabilang sa pangngalan ay ang mga *afam, bes, disneyprinces, fam, fatherland, mamala, papalo, mudra, toxic, takitub,* at marami pa. Ang wikang *lezzgo* at *pabede* ay napabilang sa pandiwa. Ang mga napabilang naman sa pang-uri ay ang *chaka, erpob, estitik, imal, legit, lowbat, chaka, yummy, shufa at toxic.* At ang GenZ'ng *check* at *ge* ay mga wikang napabilang sa pang-abay.

Ipinahiwatig lamang na ang pagiging dinamiko o pagbabago ay isa sa mga makabuluhang katangian ng wika. Ito ay dahil sa paglipas ng panahon at pagkakaroon ng pagbabago sa kapaligiran. At bunsod ng makabagong henerasyon, hindi maitatangi ang pagiging palasak ng mga salitang GenZ at kapansin-pansin na nasasanay na ang mga Kabataan o mga mag-aaral sa paggamit ng mga salitang ito na napupulot sa social media o di kaya'y sa lipunan at kulturang kinalakihan. Ang pamamaaraan ng komunikasyon ay sumasabay sa pagbabagong ito. Nangangahulugan lamang na sa resultang ito ang masusing pag-unawa sa wikang balbal partikular sa mga wikang GenZ dahil maaari ito mairekomenda o magamit bilang halimbawa kung ang paksa ay may kaugnayan sa morpolohiya. Hindi ipinakaila ang katotohanan na ang mga naglipanang mga makabagong salita ay kinagigiliwan ng mag-aaral. Sa sitwasyon ito gagawin ang

responsibilidad ng mga guro sa wika, kailangang patnubayan ang kanyang mga mag-aaral kung kailan at saan pwedeng gagamitin ang mga salitang ito. Kahit na ito ay patuloy na kumalat, kailangan patnubayan ng mga guro ang kanyang mga mag-aaral kung paano ito makokontrol at gamitin ito nang naaangkop.

## 5.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang teknolohiya, social media, mga kaibigan at iniidolong artista ay malaki ang impluwensya sa paggamit ng mga wikang GenZ. Ipinahiwatig na patuloy pa rin ang transpormasiyon ng mga salita batay sa impluwensiyang sosyal. May mga salitang sadyang sumisibol sa isang tiyak na pangkat ng tao, ito ay pinatunayan sap ag-aaral na ito na ang GenZers ay nakalilikha ng wikang GenZ na masasabing kanila lamang. Bagama't kapansin-pansin na ang pagkakabuo ng kanilang mga salita ay hindi na nalalayo sa naunang pamamaraan ng ibang pangkat sa pagbuo ng kanilang salita. Samakatuwid, ipagpatuloy ang pag-aaral ng wikang GenZ lalo na ang estruktura o transpormasiyong panlingguwistika upang lubos na maunawaan ng karamihan.

## 6.0 REFERENCES


1. *Amat. B., Balunsay, J., Calibayan, M., Borong, N., et al. (2023). Estruktura ng wikang Filipino. St. Andrew Publishing House, Quezon City.*
2. *Bacalla, L. (2020). Morpo-analisis ng wikangTagalog at wikang Sugbuanun'g Binisaya: Pahambing na pag-aaral. International Journal of Research Studies in Education 8(4). https:/doi.org 10.5861/ijrse.2019.4902*
3. *Borong, N. (2019). Morphological Variations of the Dialects in Western and Southern Leyte. Journal of Educational and Human Resource Development (JEHRD), 7, 41-53.*
4. *Borong, N. at Yamson, S. (2023). Digital storytelling as a method for teaching writing skills. Multidisciplinary Science Journal, 5, 2023063. https://doi.org/10.31893/multiscience.2023063*
5. *Espinosa, M. (2019). Dinamiko Ng Wikang Filipino: Impluwensiya Ng Neolohismo Sa Kasanayan Sa Pakikipagtalastasan. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, 3(2B).*
6. *Gime, A. at Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. International Journal of Research Studies in Education, 9(3). DOI:10.5861/ijrse.2020.5823*
7. *Gorumba, G. (2021). Morpolohikal na Pagsusuri sa Wikang Ceb-Waray. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9 (1).*
8. *Miole, A., Madera, C. at Joseph, J. (2024). Morphological analysis of Southern Leyteñong binisaja. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal, 10 (6), pp. 323-331. https://doi.org/10.36713/epra2013*
9. *Noval, A. (2021). Pag-usbong ng balbal na pananalita bilang modernong wika ng kabataan: Isang pagsusuri. International Journal of Research Studies in Education, 10(4), pp. 1-12. https:/doi.org/10.5861/ijrse.2020.5069*